

Chapter One



Kalsada na ang buhay ni Guada. Kung saan-saan siya napapadpad sa kakabenta ng mga alahas at abubot. Lahat na nga yata ng bazaars sa Maynila ay nasalihan na niya. Pati ang mga kapiyestahan sa Katagalugan at Kabisayaan ay nasuong niya na rin para magtayo at magpuwesto ng tolda niya. Ito na ang kanyang kinalakhang hanap-buhay.

Ang namayapa niyang lola ay isang hitanang magtotolda. Ang namayapa niyang ina ay ganoon din. May lahi naman talaga silang gypsy. Ang lola niya ay anak sa labas ng isang Mexican Romani na lumibot dito sa Pilipinas noong tiyempo Armerikano para magbenta ng mga silverwares kaya mayroon silang lahing gala.

Siya naman, isang sem lang sa kursong Education ang naabot sa kolehiyo kaya nauwi rin sa pagtitinda. Ang bahay niya ay ang kanyang trak pero mayroon siyang inuupahang kuwarto sa Sta. Mesa kapag nasa siyudad siya.

Ngayon ay sa isang gusali sa Makati ang puwesto ng mga tinda nila. Kasama niya ang mga kakilalang bazaaristas na palagi niyang kabuntot kung saan-saang fairs.

May kahati siya sa booth, isang bazaarista na nagtitinda ng mga damit. Mahal din kasi ang renta kaya palagi siyang may kahati sa booth. Alas siete siya dumating sa booth nila at inayos ang mga alahas sa

mesa—may silver, gold plated, ethnic, stoned, shells, pearls at kung anu-ano pa. Isinabit ni Guada sa itaas ang mga kuwintas na gawa sa kahoy, plastic, murang bato at goma. Sa wall naman niya idini-display ang mga shawls at mga good luck charms at mga bags. May benta rin siyang mga pekeng cosmetics na nabili niya sa Baclaran. Ipinupwesto niya na iyon sa mesa kasama ng mga alahas na tinda niya.

Si Mylene, ang kasama niya sa booth ay kasabay niya halos dumating at nag-ayos din ng mga gamit. Kagabi pa lang ay nagkabit na ito ng mga paninda. Dito niya nalaman ang lugar na ito.

Alas nueve nang una siyang nakabenta ng bracelet. Inihampas-hampas niya ang dalawang dadaanin sa mga paninda para pampabuenas. Inaayos niya ang mga hikaw na ginulo ng mamimili nang lumapit ang tabachuchay na si Lin, ang amiga niyang nagtitinda ng mga damit, swimwear at underwear.

“Guada, i-model mo naman uli ako ng mga bikini ko,” sabi nito. Mayroon kasi itong online store. Nagbebenta ito roon ng bikini at bra at siya ang pinagmo-model dahil maganda raw ang katawan niya, hourglass ang hugis. Payag naman siya dahil si Lin ang utangan niya palagi kapag may problema siya sa pera.

“Sige, basta pautangin mo ako sa katapusan, ha. Bibili sana ako ng bagong gulong para sa trak ko.” Binigyan niya ng nahihiyang ngiti ang kaibigan.

“Sige, kunin mo bagong number ko.”

Kinapkap niya ang cell phone sa bulsa. Wala. Hinanap niya sa bag. Wala. *Hala*, baka naiwan niya sa boarding house. Kinuha na lang niya ang maliit na notebook at

ballpen.

“Ano number mo?”

Binigkas ni Lin ang number nito, inilista naman niya sa malinis na pahina.

Umalis pansamantala ang babae at bumalik sa booth nito para kunin ang mga bikini at bra na ipapa-model sa kanya. “I-send mo sa number ko ang pics.”

“Okay,” sabi niya sabay kuha ng paper bag na iniabot nito.

Walang problema sa kanya ang ipinapagawa ni Lin dahil picture lang naman ng katawan niya ang hinihingi nito. Wala naman ang ulo. Paano malalaman ng kahit sino na siya iyon? Habang iniisa-isang tingnan ang mga bagong collection ni Lin ay may humintong babae at lalaki sa tapat ng booth nila.

“Ate, wala ba kayong black pearl na irregular ang shape? Iyong sabi nilang parang nanganganak na pearl?” tanong ng babae.

Iniabot niya sa babae ang collection niya ng black pearl. May pinili itong kuwintas. “Kuya, bagay ba?” tanong ng babae sa kasama.

“Oo. Ikaw pa.” At tumingin ang lalaki sa dibdib niya. Hindi naman iyong tinging manyak. Iyong tinging curious pagkatapos ay iniwas agad.

Dati nako-conscious siya sa malaki niyang hinaharap, pero habang tumatanda ay natututo rin siyang magmahal sa kung ano ang mayroon siya. Deadma na lang. At kahit papaano, guwapo naman iyong lalaki. Puwede nang patawarin. Disgrasya lang na nasagi ng tingin nito ang dibdib niya.

“Ate, meron ba kayong online shop para kung may

makita akong maganda, mag-o-order lang ako?” tanong ng babae. “Ang ganda ng mga collection n’yo.”

“Wala pa nga, pero plano kong gumawa. Bigay mo na lang sa akin ang number mo.”

Ibinigay ng babae ang numero nito, isinulat naman niya sa libreng pahina sa maliit niyang notebook at nilagyan ng pangalan na Customer.

Pagdating ng lunchtime ay dumami ang mamimili dahil ang ibang mga nag-oopisina sa mga kalapit na gusali ay dumaan para tumingin. Binabantayan ni Guada ang ginagawang pagsusukat ng hikaw ng isang babae nang may lumapit na isang magandang tsinita. Kasama nito ang seryosong boyfriend na nakakaagaw-pansin ang tangkad. Napatingin siya dahil sa tindig at aura ng dalawa, mukhang mga may-ari ng kompanya o gusali sa Ayala.

“Do you make specialized bracelets for giveaways?” tanong ng tsinita sa diction na stateside talaga.

“Yes po.” Hala, baka dumugo ang ilong niya sa kaka-Ingles.

“Maybe you can visit his office and show us a sample.” May kinuha itong picture ng logo sa pouch na dala at iniabot sa kanya. Ganoon daw ang gusto nitong design para sa mga oordering giveaways.

“Can I have your number, Ma’am?” tanong niya habang tinitingnan ang logo. Mukhang kaya niyang gawin ang star at arabesque gamit ang mga beads.

Mag-aabot sana ng calling card ang babae ngunit nagdalawang-isip.

“You’ll tell your mother,” sabi nito sa kasamang lalaki bago ibinalik ang card sa bag. Binuksan nito ang cell

phone at nagbigkas ng numero.

Isinulat niya ang number nito kasama ng numero ni Lin. Nilagyan niya ulit ng pangalan na Customer.

“We’ll expect your call,” sabi ng babae bago nagpaalam na aalis na sila.

Natapos niya ang araw na nakarami siya ng benta. May pera naman kasi ang mga tao rito kaya may pambili. Inilagay niya sa lagayan ang mga alahas niyang mamahalin at iniwan na ang iba sa booth. May guard naman na nagbabantay. Hindi mananakaw ang mga paninda nila. Bitbit ang maliit na sako ay nag-jeep lang siya pauwi ng Sta. Mesa. Wala kasi siyang ma-parking-an doon sa Ayala. Mayroon, pero mahal. Lugi siya.

Pag-uwi niya sa kanyang maliit na kuwarto ay agad niyang hinanap ang cell phone kung naiwan nga niya. Nandoon sa kanyang cabinet. Isinukat niya pagkatapos ang mga bikini at bra ni Lin. Kinuha niya ang notebook niya para hanapin ang bagong number ni Lin. May dalawang numero sa isang pahina. Alam niyang doon niya isinulat ang kay Lin.

Ang problema, Customer ang nakalagay sa gitna ng mga numero. Pero sigurado siyang ang numero ng kaibigan ang nasa itaas dahil mas nauna itong nagbigay ng numero.

Nag-text siya sa number na iyon para itanong kung paano isuot ang dark blue na two-piece dahil maraming bigkis-bigkis. Nag-text din siya kung puwede siyang umutang dahil bibili siya ng gulong. Hindi nag-reply ang kaibigan. Baka busy pa. Minsan kasi matagal bago sumagot ang bruha.

Nag-shave muna siya siyempre para hindi naman

lumabas ang kagubatan at saka nag-picture ng sarili suot ang mga bikini at bra sa harap ng salamin. Katawan lang ang kinukunan niya. Pinili niya ang magandang mga pics at iyon ang ipinadala sa numero ng kaibigan.



Nakaupo si Borris sa isang dulo ng conference table at matiim na nakikinig sa pagsasalita ng kanilang sales manager. Nasa wide screen ang data ng kanilang sales report at malaki ang ibinaba ngayong taon. Paano kasi, na-news sila dahil nagkaroon ng disgrasya sa isa nilang gusali na ginagawa. Apat na trabahador ang namatay nang pumalya ang sinasakyang construction lift.

Heto nga at kinasuhan sila ng mga pamilya ng mga panday. Matapos ang kanilang meeting nang bandang alas siete ay mabigat ang loob niyang bumalik sa kanyang opisina para kunin ang attaché case niya.

Kaarawan ng isang tiyuhin niya ngayon at kailangan niyang pumunta sa party nito.

Dederecho siya sa *Buffalo Snack Bar* na pagmamay-ari ng isang kaibigan. Isa iyong grill house sa Pasig. Nagdrive siya nang may natanggap na text.

Lin, pano ko suotin 'tong blue na bikini? Tatali ko ba sa bewang ko?

Text ulit.

*'Yong red na bikini, di ko kayang suotin. Bongga! Sobrang kitid. Kita na p*kpek ko nito. Huwag na 'to.*

Baka wrong number. Hindi na niya pinansin. Pero na-curious siya sa mga sinasabi nitong mga bikini.

Pagdating niya sa grill house ay may natanggap na naman siya.

Oi, Lin, pautangin mo ako ha. Kailangan ko kasing

bumili ng bagong gulong. Alam mo namang mahina ang benta natin ngayon sa bazaar.

Bazaar? Oo nga pala. Kaninang lunchtime ay ibinigay nila sa isang tindera ang numero niya. Baka na-wrong send lang.

Dumerecho siya sa loob ng restaurant.

Naroon na ang mga kaibigan at kamag-anak nila, masayang nagkukuwentuhan. Mabuti pa sila, masaya. Samantalang siya ay walang-katapusang stress ang hinaharap.

Pero who knows? Baka nga mas grabe pa ang problema ng mga ito kumpara sa kanya. Nagpapaapekto siya masyado.

“Borris Boy!” salubong sa kanya ni Uncle Douglas. Ito talaga ang pinakapaborito niyang kamag-anak kahit noong bata pa siya. Malaki itong tao at half-Colombian, may nakakalbong ulo at malaking bigote.

“Happy Birthday, old man!” masaya niyang sabi sabay yakap dito. May dumating pang ibang mga bisita kaya may umagaw na ng atensyon ng tiyuhin.

Tinungo niya ang mesa ni Jose, doon din nakapuwesto ang mga kalaro nila palagi ng polo.

May yumakap. Si Cara. “Yacob and Mae are travelling to Bahamas on February. Let’s go with them.”

Binigyan niya ng simangot ang nobya. Hindi niya feel si Yacob. Nayayabangan siya sa lalaki.

“Sige na, let’s go with them.”

“Ikaw na lang.”

“You’re always like that! You’re so boring!”

“You’re free to leave if you feel that way,” sabi niya rito.

Binigyan siya ng masamang tingin ni Cara bago ito bumalik sa grupo nito.

Nakinig siya kay Jose tungkol sa inutangan nitong Mexicano nang nadukutan ito ng pitaka sa Guadalajara. Hindi na raw nito nabayaran.

May nag-text uli.

Oi, Lin, pautangin mo ako, ha. Di mo ako pautangin, di ko si-send mga bikini pics ko. Hehe. Joke. Ning, bongga mga bikini mo ngayon. Ang gaganda. Bigyan mo naman ako sampol!

Ewan kung ano ang pumasok sa kanya. Nag-text back siya: *Ok.*

Sumagot ito kaagad.

Wokie. Mamaya ko na i-send sa 'yo. Kakain pa ako.

Napatanong siya sa sarili. Magpapadala talaga ang tindera ng mga bikini pics? Naka-T-shirt kasi ito kanina kaya hindi niya natingnan kung sexy o hindi. Naalala niyang mukhang malaki ang hinaharap.

Hinintay niya ang pictures, ngunit hindi naman dumating. Lumapit si Borris sa bar at humingi ng beer. Umupo na rin siya roon para manood ng ice hockey sa TV na naroon.

Nakaramdam siya bigla ng pagod. Parang gusto niyang matulog nang maaga. Noong isang gabi kasi may pinuntahan din siyang party. Naparami siya ng inom. Pass muna siya ngayon. Lumabas na lang siya ng bar nang hindi nagpapaalam maski sa tiyuhin dahil pipilitin siya nitong manatili sa party. Baka nga magtampo pa dahil ang aga ng uwi niya.

Dumerecho siya ng uwi sa pad niya, nagpalit ng damit at humiga sa kama.

Hayun, may nag-text. Dinampot niya.

Iyong numero ng tindera!

Mabilis niyang binuksan ang text at nakita ang mga litrato ng lilang bikini at pulang bra. Napamulagat siya dahil sobrang wow ang katawan ng babae. Sobrang liit ng baywang at malapad ang mga balakang. Ang laki pa ng hinaharap.

Mayamaya ay may natanggap ulit siyang isang litrato. Ang katawan ng babae suot ang bughaw na bikini at bra na may bigkis-bigkis pa sa pusod.

Napangiti siya. Mukhang na-wrong send ang isang ito. Suwerte niya!

Mayamaya pa ay may isa na namang picture. Polka dots na pink at itim. Maraming pinadala ang babae. Parang mahigit dalawampung litrato. Busog na busog talaga ang mga mata ni Borris sa kakatingin, lalo na nang i-send nito ang makitid na bikining itim.

Pang-banging talaga ang katawan! Tingnan mo nga naman ang araw na ito. Mukhang matatapos na maganda ang pakiramdam niya.

Hindi nga niya napigilan ang sarili na mag-text back dito. *Babe, you're so hot!*

Mabilis itong nag-text back. *Hoy, para kang lesbiana kung makatext!*

Tiningnan niya ang kanyang suot na pajama. Hayun ang alaga niya—tayung-tayo.

Sino naman ang hindi titigasan doon, eh, pangdiyosa ang katawan?